

CALIFORNIA PACIFIC MEDICAL CENTER

IKA-24 NG ABRIL, 2020

PAMAMAHAY PARA SA MGA MIYEMBRO NG NUHW HABANG MAY COVID-19

Ikaw ba ay miyembro ng NUHW na nagtatrabaho sa CPMC habang kasalukuyang may COVID-19 pandemic at nag-aalangin baka mahawahan ng virus ang inyong mga minamahal na kasama sa tahanan? Kung ganon, ikinagagalak ng NUHW na ipaalam sa inyo ang dalawang inisyatibong maaaring makatulong:

1. INISYATIBONG PAMPABAHAY NA CPMC SHEMS

Bilang tugon sa mga pinag-aalahanin ng mga miyembro ng NUHW ukol sa pamamahay habang may COVID-19, ang CPMC ay nagsimula ng SHEMS Lodging Initiative. Ang programang ito ay pansamantalang nagbibigay ng libreng tirahan para sa mga karapat-dapat na staff nagtatrabaho sa mga lugar kung saan may mga pasyenteng inaalagaan.

Ang mga manggagawang tinatawag na "Category 1 Essential" (kinakailangang magtatrabaho sa lugar kung saan may pag-aalagang ginagawa) ay karapat-dapat para sa programang ito. Ang mga trabahuhin ay maaaring kasama ang pag-aalaga ng pasyente o pagbibigay serbisyo ukol sa pagkain o housekeeping.

Kung ikaw ay isang "Category 1 Essential" na healthcare worker, karapat-dapat na makakuha ka ng libreng tirahan kung ika'y:

- napalipat sa isang high-risk exposure na lugar (unit o departamento na kasalukuyan o maaaring tumanggap at mag-alaga ng mga COVID-19 na pasyente) o napalipat sa worksite na mahigit pa sa 50 miles ang kalayuan mula sa karaniwang pinagtatrabahuhan mo
- nagtatrabaho ng sunud-sunod na shift na tumatagal pa sa mahigit na 14 oras o,
- kinakailangang humiwalay o mag self-isolate upang protektahan ang mga kasama sa tahanan dahil sa pagka-expose sa COVID-19 o,
- kailangang maghiwalay o self-isolate dahil may kasama sa tahananang may sakit dahil sa coronavirus.

Sa mga ganitong sitwasyon, ang Sutter Health ang magbabayad ng upa, buwis, at paradahan ng sasakyan, kung mayroon. Para mag-submit ng lodging request, pumunta sa SHEMS Lodging Initiative site:

www.sutterhealth.org/for-employees/community-alert/lodging-options

NON-CONGREGATE SHELTERING PROGRAMA PARA SA MGA HEALTH CARE WORKERS

Ang Non-Congregate Sheltering Programa para sa California Healthcare Workers ay programa ng estado na nagbibigay ng libreng kwarto sa hotel para sa mga frontline health care workers na na-expose o nag-positibo sa COVID-19. Ang programang ito ay para sa mga healthcare workers na nagka-contact sa mga pasyenteng may COVID-19 o mga PUI.

Para makapag-reserba ng kwarto, tumawag sa CalTravelStore sa (877) 454-8785. Pindutin ang 3 sa unang prompt upang makipag-usap sa taga-areglo. Maging handang ibigay ang mga sumusunod na impormasyon:

- County ng inyong pinagtatrabahuhan
- Pangalan ng medical facility na inyong pinagtatrabahuhan
- Posisyon ninyo sa trabaho

Sa pag-check-in kakailanganing ipakita ninyo ang inyong employee identification at isang personal credit card para sa anumang incidental damage. Ang mga reserbasyon sa kwarto ay ibibigay base sa lugar at kung ano ang may bakante.

NUHW NATIONAL UNION OF
HEALTHCARE WORKERS